CHILD CARE SUBSIDY PROGRAMS (CCSP)

Sulat ng Pagkakaloob o Pagbabago ng CCSP

NUMERO NG TELEPONO NG CALL CENTER	NUMERO NG FAX NG CALL CENTER
NUMERO NG PAGKAKAKILANLAN NG KLIYENTE	PETSA

☐ Pana-panahong Pangangalaga sa Bata

☐ Working Connections Child Care

Kuwalipikado ka para sa pangangalaga sa bata na may buwanang co-payment na magsisimula sa _____ at magwawakas sa _____.

Pakibasa ang mahalagang impormasyon na kalakip sa iyong Mga Karapatan at Responsibilidad sa Child Care Subsidy Programs (CCSP).

Ang pangangalaga sa bata ay inaapruba para kay _____ dahil sa sumusunod:

☐ Trabaho ☐ Aprubadong aktibidad sa WorkFirst ☐ Paaralan ☐ Iba pa: _____.

Ang pangangalaga sa bata ay inaapruba para kay _____ dahil sa sumusunod:

☐ Trabaho ☐ Aprubadong aktibidad sa WorkFirst ☐ Paaralan ☐ Iba pa: _____.

Ang pangangalaga sa bata ay inaapruba para kay para sa ☐ Kalahating araw ☐ Buong mga araw ☐ Oras

Ang pangangalaga sa bata ay inaapruba para kay para sa ☐ Kalahating araw ☐ Buong mga araw ☐ Oras

Ang pangangalaga sa bata ay inaapruba para kay para sa ☐ Kalahating araw ☐ Buong mga araw ☐ Oras

Ang pangangalaga sa bata ay inaapruba para kay para sa ☐ Kalahating araw ☐ Buong mga araw ☐ Oras

☐ Ang iyong buwanang copayment ay $15.00 simula _____ hanggang _____.

☐ Ang iyong buwanang copayment ay $_____ simula _____ hanggang _____.

Ang copayment ay ang iyong parte sa mga gastusin sa pangangalaga sa bata at kailangang direktang ibayad sa iyong provider. Ang iyong copayment ay ibabatay sa laki ng inyong pamilya at kita ng inyong pamilya.

1. Laki ng pamilya _____
2. Kabuuang kinita (bago kaltasan ng buwis) $ _____
3. Kita sa sariling negosyo o self employment (pagkatapos ng pinahintulutang pagbabawas) $ _____
4. Katumbas ng hindi pinagtrabahuhang kinita (SSI, SSA, natanggap na sustento sa anak, lump sum na mga bayad) $ _____
5. KABUUANG KINITA (ipagsama ang linya 2 hanggang 4 sa taas) $ _____
6. Nabayarang sustento sa anak na iniutos ng korte $ _____
7. Alamin ang makukuwentang kinita (ibawas ang linya 6 mula sa linya 5) $ _____
   (Ang makukuwentang kinita o countable income ay ginagamit upang alamin ang kaangkupan at copayment)
8. Ang co-payment ay kinakalkula gaya ng sumusunod:

MAKUKUWENTANG KINITA	**BUWANANG CO-PAYMENT**
Sa o mas mababa sa 82% ng Federal Poverty Level (FPL)	$15
Higit sa 82% at hanggang 137.5% ng FPL	$65
Higit sa 137.5% at hanggang 200% ng FPL	
Tingnan ang nakalakip na Talaan ng Kalkulasyon ng Co-pay.	

Nagbabago ang iyong copayment dahil (batay sa WAC 170-290-0085):

☐ Nagwakas ang takdang panahon ng iyong pahintulot. ☐ Nagbago ang laki ng iyong pamilya.
☐ Bumaba ang iyong kinita. ☐ Iba pa (ipaliwanag): _____

_____ _____
NUMERO NG TELEPONO NG CALL CENTER NUMERO NG FAX NG CALL CENTER

TALAAN NG KALKULASYON NG CO-PAY
Epektibo sa 07/01/2012

Kung ang Makukuwentang Kinita ay:

KUNG ANG LAKI NG PAMILYA AY:	100% NG FPL	HIGIT SA 175% NG FPL	0 HANGGANG 82% NG FPL		HIGIT SA 82 HANGGANG 137.5%		HIGIT SA 137.5 HANGGANG 200%		137.5% NG FPL
1	$931	$1,862	$0	$763	$764	$1,280	$1,281	$1,862	$1,280
2	$1,261	$2,522	$0	$1,034	$1,035	$1,734	$1,735	$2,522	$1,734
3	$1,591	$3,182	$0	$1,305	$1,306	$2,188	$2,189	$3,182	$2,188
4	$1,921	$3,842	$0	$1,575	$1,576	$2,641	$2,642	$3,842	$2,641
5	$2,251	$4,502	$0	$1,846	$1,847	$3,095	$3,096	$4,502	$3,095
6	$2,581	$5,162	$0	$2,116	$2,117	$3,549	$3,550	$5,162	$3,549
7	$2,911	$5,822	$0	$2,387	$2,388	$4,003	$4,004	$5,822	$4,003
8	$3,241	$6,482	$0	$2,658	$2,659	$4,456	$4,457	$6,482	$4,456
9	$3,571	$7,142	$0	$2,928	$2,929	$4,910	$4,911	$7,142	$4,910
10	$3,901	$7,802	$0	$3,199	$3,200	$5,364	$5,365	$7,802	$5,364
		HINDI KUWALIPIKADO	$15 NA CO-PAY		$65 NA CO-PAY		IBAWAS ANG 137.5% NG FPL MULA SA MAKUKUWENTANG KINITA, SAKA I-MULTIPLY SA .50 AT IDAGDAG ANG $65		

MGA HAKBANG UPANG IKALKULA ANG KAANGKUPAN AT CO-PAYMENT SA WCCC:

1. Alamin ang KABUUANG kinita. Ito ang kabuuan ng lahat ng kinita at di-pinagtatrabuhang kinita.
2. Alamin ang MAKUKUWENTANG kinita. Ito ang KABUUANG kinita bawasan ng anumang nabayarang sustento sa anak.
3. Ihambing ang MAKUKUWENTANG kinita sa ika-2 Kolum. Kung ang halaga ay mas malaki, hindi kuwalipikado ang kliyente. Kung ang MAKUKUWENTANG Kinita ay mas mababa sa ika-2 kolum, suriin ang ika-3, 4 o 5 kolum para sa tamang hanay ng kita at copayment.

Mga Karapatan at Reponsibilidad sa CCSP

Ako ay responsable na:

- Magbigay ng impormasyon upang malaman ang aking kaangkupan at pahintulutan ang pagbabayad nang wasto sa pangangalaga sa bata.
- Pumili ng provider na nakakatupad sa mga rekisito ng WAC 170-290-0125 at gumawa ng sariling plano ng pangangalaga sa aking anak.
- Magbayad, o isaayos na bayaran ng isang tao, ang aking buwanang co-payment sa CCSP direkta sa provider ng pangangalaga sa aking anak. **Ang pagkabigong gawin ito ay maaaring magbunga sa paghinto ng mga tulong sa pangangalaga sa aking anak.**
- Makipagtulungan sa proseso ng pagrepaso ng quality assurance (pantiyak sa kalidad) upang manatiling kuwalipikado para sa CCSP. Magiging hindi angkop ako para sa mga benepisyo ng CCSP pagkatapos mapagpasyahan ng quality assurance ang hindi pakikipagtulungan at manatiling hindi angkop hanggang matupad ko ang mga rekisito ng quality assurance o sa loob ng 30 araw mula sa pagpasya ng hindi pakikipagtulungan.
- Makipagtulungan sa imbestigador ng Fraud Early Detection (FRED). Kung tatanggi akong makipagtulungan (magbigay ng hininging impormasyon) sa aking imbestigador, makakaapekto ito sa aking mga benepisyo.
- Ipaalam sa aking authorizing worker ng CCSP, sa loob ng limang araw, ang anumang pagbabago sa mga provider.
- Ipaalam sa aking provider sa loob ng sampung araw kung babaguhin ninyo ang pahintulot sa pangangalaga sa aking anak.
- **Para sa Working Connections Child Care: Iulat sa authorizing worker ng pangangalaga sa aking anak, sa loob ng 24 oras, ang anumang impormasyon ukol sa nakabinbin na kaso o hatol ng pagkakasala na aking malalaman tungkol sa:**
  1) Aking provider na nasa bahay/kamag-anak.
  2) Sinuman na labing anim na taong gulang o higit pa at nakatira kasama ng provider nang mangyari ang pangangalaga sa labas ng bahay ng bata para lang sa Working Connections Child Care Only.
- Iulat sa authorizing worker ng CCSP sa loob ng 10 araw ang tungkol sa:
  - ► Bilang ng oras ng pangangalaga sa bata na kailangang baguhin.
  - ► Kinita ng sambahayan kabilang ang anumang kaloob ng WorkFirst o mga pagbabago sa sustento sa anak.
  - ► Pagbabago sa laki ng sambahayan gaya ng sinumang miyembro ng pamilya, kabilang ang magulang o asawa, na pumasok at lumabas sa aking bahay.
  - ► Mga Pagbabago sa trabaho, paaralan o aprubadong aktibidad ng TANF.
  - ► Pagbabago sa address o numero ng telepono ng mga provider na nasa bahay/kamag-anak.
  - ► Pagbabago sa address ng bahay o numero ng telepono.
  - ► Pagbabago sa obligasyon ng sustento sa anak.
- Ibalik kaagad ang lahat ng hininging impormasyon ukol sa aking provider. Ang aking provider na nasa bahay/kamag-anak ay hindi mababayaran para sa pangangalaga bago matanggap ang mga resulta ukol sa pagsusuri ng background.
- Hindi iiwan ang aking mga anak sa pangangalaga maliban sa dahilan na nakatala sa harap ng form na ito, maliban kung gumawa ako ng plano kasama ng aking provider na ako mismo ang magbabayad para sa pangangalaga. Kung nais kong lumahok sa isang gawain maliban sa pinahintulutan sa harap ng form na ito, at nais na bayaran ng estado para sa pangangalaga sa aking anak, kailangan ko munang makipag-ugnayan sa authorizing worker ng pangangalaga sa aking anak.

Ang pagkabigong mag-ulat nang maaga ukol sa mga pagbabago ay maaaring magresulta sa sobrang pagbabayad o maaaring kailangan kong magbayad nang higit sa aking parte sa mga gastusin ng pangangalaga sa bata.

Mga Karapatan at Reponsibilidad sa CCSP (Ipinagpatuloy)

Naiintindihan ko na:	
• Tatratuhin ako nang may paggalang at nang pantay kahit ano pa ang aking lahi, kulay, paniniwalang politikal, bansang pinagmulan, relihiyon, edad, kasarian, kapansanan o lugar ng kapanganakan. • Aalamin ang aking kaangkupan sa CCSP sa loob ng tatlumpong araw mula sa petsa ng aking pag-aplay. • Ipapaalam sa akin, sa panulat, ang tungkol sa aking mga legal na karapatan at responsibilidad na may kaugnayan sa mga benepisyo ng CCSP. • Ang aking impormasyon ay ibabahagi sa ibang mga ahensiya kapag kailangan ng mga regulasyon ng federal at estado. • Makakatanggap ako ng nakasulat na paunawa sa loob ng sampung araw bago gagawa ng mga pagbabago ang estado upang babaan o ihinto ang mga benepisyo maliban sa ipinahayag sa WAC 170-290-0120. • Maaari akong humiling ng pagdinig kung hindi ako sang-ayon sa pasya na may kinalaman sa aking kaso sa CCSP.	• Maaari kong hilingin sa superbisor o administrador na repasuhin ang pasya o hakbang na makakaapekto sa aking mga benepisyo na hindi makakaapekto sa aking karapatan sa isang pagdinig. • Maaari kong makamit ang serbisyo ng interpreter o tagasalin sa loob ng makatarungang tagal ng panahon na walang bayad sa akin. • Maaari kong piliin ang aking provider basta matutugunan ng aking provider ang mga rekisito sa WAC 170-290-0125. • Maaari kong hilingin sa imbestigador ng Fraud Early Detection (FRED) mula sa Office of Fraud and Accountability (OFA) na bumalik sa ibang panahon. Hindi kailangang papasukin ko ang imbestigador sa aking tahanan. Ang kahilingang ito ay hindi makakaapekto sa aking kaangkupan para sa mga benepisyo. Kung tatanggi akong makipagtulungan (magbigay ng hininging impormasyon) sa imbestigador, maaari itong makaapekto sa aking mga benepisyo.

MGA KARAPATAN SA PAGDINIG

Kung tutol ka sa pasyang ito, maaari kang humiling ng pagdinig sa pamamagitan ng pagkontak sa tanggapang ito o sumulat sa Office of Administrative Hearings, P O Box 42489, Olympia, WA 98504-2489. Kailangang humiling ka ng pagdinig:

- Sa o bago ang petsa ng pagsisimula ng hakbang na ito o hindi hihigit sa 10 araw pagkatapos naming ipadala ang paunawa ng hakbang na ito, KUNG tumatanggap ka ng mga benepisyo ngayon at nais mong magpatuloy ang mga ito, o
- Sa loob ng 90 araw mula sa petsang matanggap mo ang sulat na ito..

Sa pagdinig, may karapatan kang ikatawan ang sarili, ikakatawan ng isang abogado o sinumang tao na pipillin mo. Maaari kang makatanggap ng payong legal o representasyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa tanggapan ng mga serbisyong panlegal.